
GRADE V
PANGANGALAGA NG KASUOTAN

## ALAMIN MO



***Iniingatan mo ba ang iyong kasuotan? Salamat naman kaibigan at naglaan ka ng iyong panahon sa pangangalaga ng kasuotan.***

***Ipagpatuloy mo ang magandang gawain. Ang maayos na pagsunod sa pangangalaga ng kasuotan ay replica ng iyong pagpapahalaga sa pansarili mong kagamitan at kasuotan.***

***Sa modyul na ito, matutuklasan mo ang iba't ibang paraan ng pangangalaga sa kasuotan at pansariling kagamitan ng bawat kasapi ng pamilya.***

## PAGBALIK-ARALAN MO

Ibigay ang mga hakbang sa paglalagay ng butones sa isang polo.
Tingnan mo kung kaya mo pang gawin ang iyong natutuhan sa baitang IV.



## PAG-ARALAN MO

Basahin mo at unawain ang kuwentong inihanda ko para sa iyo

**Sitwasyon I**

### Ang ligaya ng isang ina

Kaligayahan ang naramdaman sa sarili ni Aling Siony habang pinagmamasdan niya ang kanyang tatlong anak na pawang mga mag-aaral pa sa Elementarya at Sekondarya. Bagamat maaga silang naiwanan ng kanyang kabiyak ay pinagbuti niya ang pagpapalaki sa kanyang mga anak lalo't higit ang paglalaan ng oras sa pangangalaga ng kasuotan. Pagdating ng bahay buhat sa paaralan, ang kanyang bunsong si Alex ay agad naghanger ng kanyang napawisang uniporme. "Totoo nga pala, Nanay na kapag ang pinawisang damit ay di pinahanginan ito ay nagiging sanhi ng masamang amoy sa katawan. Maaari ring dahilan ng pagkakaroon ng mantsang tagulamin sa kasuotan". Tumango si Aling Siony na may ngiti sa kanyang mga labi. Naalaala niya si Alex na bata pa nang pagsabihan niya itong ilagay sa shoe rack ang sapatos na ginamit upang di nakakalat. Bigla siyang nagalit at nagdabog paakyat sa itaas ng bahay. Malaki na ang ipinagbago ng aking anak, ang nasambit ni Aling Siony. Dati- rati'y . . . siyang pagdating ni Leony buhat sa labahan. Betty, nasaan ka? Bakit may mantsa ng chewing gum ang palda mo? Lagyan mo agad ito ng yelo at kuskusin ng mapurol na kutsilyo ang chewing gum. Pati ang iyong bulsa ay butas na. Sulsihan mo nga agad ito nang hindi na lumaki ang sira.

Salamat po, Panginoon. Masunurin ang aking mga anak. May naituro ako sa kanila, ang sambit ni Aling Siony.

Natuwa ka ba sa kuwentong binasa? Ugaliin mo ring gawin sa araw-araw ang iba't ibang paraan ng pangangalaga sa kasuotan tulad ng pagsasabit ng damit sa hanger, paglalagay ng maruming damit sa ropero, pagkukumpuni agad ng sirang kasuotan at iba pa.



Sitwasyon II (Dula-dulaan)

Ina: Mga anak, nais kong kayo ay lumaki na marunong mangalaga sa pansarili ninyong kagamitan. Alalahanin ninyo na kung ano ang inyong kinalakihan ay madadala ninyo sa inyong pagtanda.

Mga Anak: Ganoon po ba, Nanay?

Ina: Nais ko, Rosa, na ang iyong pansariling kagamitan tulad ng panyo at ipit sa buhok ay hindi nagkalat. Ilagay mo ang mga ito sa isang lalagyan upang madali mong hanapin kung kinakailangan.

Rosa: Opo, pero iyan po si Jay ay pakalat-kalat din ang kanyang sinturon at sombrero.

Ina: Pahanginan mo ang mga sombrero sa pamamagitan ng pagsasabit sa pako. Kung ito'y yari sa tela, kinakailangan itong labhan at plantsahin. Gayon din ang sinturon. Isabit mo sa tamang lalagyan nang hindi magkabuhol-buhol. Ang sapatos na ginamit ay iyong iayos sa shoerack upang hindi nakakalat.

Mga Anak: Salamat po,Nanay, sa inyong paalala sa amin.


Mahalagang malaman mo ang tamang pangangalaga sa mga pansariling kagamitan tulad ng panyo, alahas, pang-ipit sa buhok, at iba pa. Ang mga ito ay kinakailangang may kani-kaniyang lalagyan upang matukoy kung saan hahanapin kapag kailangan na.

## PAGSANAYAN MO

Sipiin sa iyong kuwaderno ang mga graphic organizer sa ibaba. Kumpletuhin ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.

**Gawain 1**


Tanong: Ano-ano ang wasto at maayos na paraan ng pangangalaga ng kasuotan?





Tanong: Ano-ano ang wasto at maayos na paraan ng pangangalaga sa kasuotan?

Gawain 2

Panuto: Isulat mo sa blangkong espayo ang tamang pangangalaga sa pansarili mong kagamitan





## TANDAAN MO

1. Ang maayos na pagsunod sa tamang paraan ng pangangalaga sa kasuotan at kagamitan ay tanda na ang isang tao ay maingat at may pagpapahalaga sa kanyang kasuotan at kagamitan. Higit na makatitipid tayo sa salapi, oras, at lakas kung isasagawa ang wastong pangangalaga sa kagamitan at kasuotan.



## ISAPUSO MO

Basahin ang tseklist ng pagpapahalaga sa sariling kagamitan at kasuotan. Lagyan ng tsek (√) ang kolum ng sariling kasagutan.

| | | Oo | Hindi | Paminsan-minsan |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Isinasabit ko ba sa pako ang aking sinturon/sombrero matapos gamitin | | | |
| 2. | Nilalabhan ko ba agad ang ginamit kong medyas? | | | |
| 3. | Sa shoerack ko ba inilalagay ang sapatos na ginamit? | | | |
| 4. | Inaalis ko ba agad ang mantsa ng aking damit pagkakita rito? | | | |
| 5. | Sinusulsihan ko ba agad ang aking damit na may punit? | | | |
| 6. | Pinag-iingatan ko bang di marumihan ang aking kasuotan sa araw-araw? | | | |
| 7. | Inilalagay ko ba sa hanger ang naisuot na uniporme bago ilagay sa ropero? | | | |
| 8. | Tinatakpan ko ba ng plastik ang mga damit na kung isuot ay paminsan-minsan lamang? | | | |
| 9. | Pinagsasama-sama ko ba sa isang lalagyan ang mga kagamitan at kasuotan na magkakauri? | | | |
| 10. | Nililinis ko ba ang aking bag na pamasok kahit minsan isang linggo | | | |

Rubriks

| | |
|---|---|
| 10 – 9 = | Lubos na kasiya-siya |
| 8 – 7 = | Higit na kasiya-siya |
| 6 – 5 = | Kasiya – siya |
| 4 – 3 = | Kailangang pagbutihin pa |
| 2 – 1 = | Hindi kasiya-siya |





## GAWIN MO

**Awitin sa himig ng Leron-Lerong Sinta**

Tayong mga bata, ay may kaalaman
Sa pangangalaga nitong kasuotan
Ang turo ng guro, gawaing gampanan
Sariling gamit mo'y iyong pag-ingatan

Ihanger ang damit pagdating sa bahay
Ginamit na medyas, labhan at isampay
Mga sinturong balat, sombrero'y ihanay
Sa pakong sabitang ginawa ni Tatay

Gawain 1

Isulat ang mga pansariling kagamitang ginamit na binanggit sa awitin. Isulat kung ano ang dapat gawing pangangalaga rito?


| Kagamitan | Pangangalagang Gagawin |
| --- | --- |
| 1. medyas | |
| | |
| | |

B. Iguhit at kulayan ang mga pansariling kagamitan at pagkatapos ay ipakita sa iyong guro.



## PAGTATAYA

Magdala ka ng 5 kasuotan. Tiklupin mo ito nang maayos at ipakita sa guro upang ito ay bigyan ng grado.



**Kung nasagutan mo nang buong husay ang bahaging Pagtataya ng modyul, binabati kita! Maaari mo nang pag-aralan ang susunod na modyul.**

